International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

# Epekto Ng Balbal Sa Istandardisasyon Ng Wikang Filipino Sa Pasalitang Diskurso Sa Digital Age: Isang Pagsusuri

**Sollano, Keanu Ivan D[1], Selmar, Vishelgen M[2], Rabutan, Hazel Nha Mae F[3], Sumalinog, Jamariane D[4]**

[1,2,3,4]Cebu Normal University - Main Campus

**Abstrak**
Sa mabilis na pag-usbong ng digital age, kapansin-pansing nagbabago ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng kabataan, at kasama rito ang mas malawak na paggamit ng mga salitang balbal. Bagama't nakadaragdag ito sa pagiging malikhain at dinamiko ng wika, nagdudulot din ito ng hamon sa pagtatatag ng isang pare-pareho at istandardisadong Wikang Filipino na mahalaga sa edukasyon at pambansang identidad. Layunin ng pananaliksik na suriin kung paano naaapektuhan ng balbal ang proseso ng istandardisasyon ng Filipino sa pasalitang komunikasyon, lalo na sa kontekstong dominado ng teknolohiya. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong meta-synthesis ng sampung pananaliksik mula 2019–2025, at thematic analysis upang matukoy ang mga paulit-ulit na tema sa digital na diskurso. Ipinakita ng mga natuklasan na mas maraming mag-aaral ang mas komportableng gumamit ng balbal kaysa pormal na Filipino, na nagbubunsod ng kalituhan at pagkakahati sa paggamit ng wika. Gayunpaman, lumalabas din na nagsisilbi itong daluyan ng identidad at malikhaing ekspresyon ng kabataan.Sa kabuuan, lumilitaw na ang balbal ay parehong hamon sa pamantayan at pagkakataon upang mapaunlad ang mas inklusibo at makabagong anyo ng Wikang Filipino.

**Keywords:** Istandardisasyon ng wika, Balbal, Positibo at Negatibong Epekto ng Balbal, Pasalitang Diskurso, Digital Age, at Filipino Language

## 1. Introduksyon

Ayon sa maraming lingguwista at mananaliksik, ang wika ay likas na nagbabago– isang buhay na sistema na nakikisabay sa mabilis na takbo ng panahon, tumutugon sa mga pangangailan ng lipunan at sa mga kontekstong pangwika. Sa madaling sabi, ang wika ay dinamiko, buhay, at patuloy na nagbabago. Sa kasalukuyang henerasyon kung saan ang teknolohiyang digital ay bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay, kapansin-pansin ang pag-usbong ng napakaraming bagong salita na agad na nagiging bahagi ng popular na diskurso. Kagyat ding maoobserbahan na ang mga salitang ito ay aktibong ginagamit ng nakararami at naging bahagi na ng karaniwang usapan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Tunay ngang malaki ang naging ambag ng mga midyang gaya ng radyo, telebisyon, at social media sa paghubog ng makabagong anyo ng mga wikang ito na patuloy na lumilitaw sa makabagong panahon.
Sa global na perspektibo ng wikang balbal, binanggit sa pag-aaral ni Noval (2021) na galing naman sa pag-aaral ni Kazuhiro et al. (2009) halaw sa Quia et al. (2018), ang balbal na salita ay ang di pamantayang

paggamit ng mga salita sa isang wika ng isang partikular na grupo ng lipunan [28]. Isang uri ng lipunan ang umuusbong na higit pang humihikayat sa kabataan na maging pamilyar at palasak sa paggamit ng mga salitang ito—tulad ng mga komunidad na nabubuo sa social media. Sa ganitong digital na kapaligiran, nabibigyan ang bawat isa ng pagkakataong makisangkot at makibahagi sa anumang diskurso o usaping umiiral sa kasalukuyan. Sa larangan naman ng pasalitang diskurso, ang mga makabagong teknolohiya tulad ng social media, instant messaging, at video conferencing ay nagbukas ng bagong dimensyon ng pakikipag-usap na mas mabilis, malawak, at madalas na hindi pormal (Marbella, 2020). Ipinakikita nito na ang globalisasyon at digitalisasyon ay nagiging makapangyarihang pwersa na humuhubog sa pag-unlad ng wika.

Sa kasalukuyang panahon, sa paglaganap ng mga wikang balbal na sinasalita ng karamihan, ang mga wikang ito na kung hindi masusubaybayan ay posibleng may malaking dagok sa istandardisasyon ng wikang Filipino.

Ang wikang Filipino ay nakakaranas ng iba't ibang hamon at oportunidad sa larangan ng pasalitang diskurso sa digital age sapagkat patuloy na umuusbong ang teknolohiya at pagbabago ng paraan ng komunikasyon. Bagamat ang balbal ay isang buhay at nagbabagong anyo ng wika, nagdudulot ito ng mga katanungan kung paano nito naaapektuhan ang proseso ng istandardisasyon ng wikang Filipino, lalo na sa pagtiyak ng kalidad at bisa ng wika bilang pangunahing midyum ng komunikasyon sa loob ng bansa at sa mas malawak na pandaigdigang konteksto (Velasquez, 2023; Marbella, 2020). Ang digital age ay nagdala ng malawakang pagbabago sa paraan ng komunikasyon at paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Nagresulta ang mga pagbabagong ito sa pag-usbong ng mga bagong anyo ng wika at estilo ng pananalita, kabilang na rito ang paggamit ng balbal, mga emoji, at hybrid na mga wika na sumasalamin sa dinamismo ng komunikasyon sa digital na mundo (Velasquez, 2023).

Kaugnay nito, ang pananaliksik ay nakasandig sa Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) na ang pangunahing layunin ay ang pagtaas ng kalidad ng edukasyon at pagtitiyak ng patas at inklusibong pagkatuto para sa lahat. Sa kontekstong ito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng balbal sa proseso ng istandardisasyon ng wikang Filipino sa pasalitang diskurso sa panahon ng digital age. Mahalagang suriin ang epekto ng balbal sa pananaw na ito ukol sa paggamit ng wika sapagkat ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi isa ring mahalagang salik sa paghubog ng kamalayan, pagkatuto, at pagkakakilanlan ng kabataan sa modernong panahon.

Kaya naman, ang mga mananaliksik, na mga guro ring kasalukuyang nagmamasterado sa larangan ng edukasyon, ay nagnanais na matumbok ang epekto ng pagsibol ng makabagong salitang balbal na karaniwang ginagamit ng mga kabataan sa digital age sa istandardisasyon ng Wikang Filipino. Nang sa ganitong paraan, mabibigyang-linaw kung paanong ang mga salitang balbal ay nakaaapekto sa anyo at gamit ng Filipino sa larangan ng komunikasyon at edukasyon.

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil inaasahang makapaglalahad ito ng mahahalagang pananaw na maaaring magsilbing batayan ng mga guro, mananaliksik, at mga institusyon sa pagbabalangkas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika na nakabatay sa kasalukuyang realidad ng sitwasyon ng Wikang Filipino. Sa huli, layon din ng pananaliksik na ito na makatulong sa pagpapayabong ng Wikang Filipino bilang isang buhay at dinamiko ngunit nananatiling may pamantayan at inklusibong wika para sa lahat.

**1.1 Layunin ng Pananaliksik**

Ang meta-synthesis na pananaliksik na ito ay layuning pagsama-samahin ang mga kwalitatibong pag-aaral hinggil sa balbal na wika at sa istandardisasyon ng Wikang Filipino sa konteksto ng digital age. Inilalahad sa pananaliksik na ito ang kahulugan at kahalagahan ng istandardisasyon ng wika. Tinutukoy din nito ang

mga anyo at katangian ng balbal na wika na lumilitaw sa pasalitang diskurso sa digital age. Bukod dito, sinusuri rin kung paano naaapektuhan ng paggamit ng balbal na wika ang proseso ng istandardisasyon ng Wikang Filipino sa pasalitang diskurso.

## 2. Rebyu ng Kaugnay na Literatura

### 2.1 Pandaigdigang Pananaw sa Wika at Komunikasyon

Sa pag-usbong ng digital age, hindi maikakaila ang paglawak ng saklaw ng komunikasyon na nagbukas sa mga kabataan sa impluwensiya ng mga banyagang wika. Isa sa mga kapansin-pansing epekto nito ay ang paglaganap ng palit-koda sa mga diskursong pasalita, lalo na sa mga institusyong pang-edukasyon. Ang palit-koda, o ang sabayang paggamit ng dalawang wika sa isang diskurso, ay hindi na lamang isang lingguwistikong estratehiya kundi isang repleksiyon ng pandaigdigang paggalaw ng wika.

Sa pag-aaral ni Jayani (2025), masusing sinuri ang paggamit ng palit-koda sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Mindanao State University-Sulu Senior High School. Lumitaw sa resulta ng pananaliksik na 87% ng mga kalahok ay regular na gumagamit ng Ingles sa kanilang pasalitang diskurso sa loob ng klase, partikular sa pagbibigay ng opinyon, pagtatanong, at pagbibigay ng paliwanag [21]. Ipinakita sa pag-aaral na ang palit-koda ay hindi lamang bunga ng kakulangan sa bokabularyo sa Filipino, kundi isang sinadyang pagpili upang mas maging epektibo ang komunikasyon. Ang ganitong kalakaran ay nagpapakita ng pag-aangkop sa pandaigdigang konteksto ng wika, kung saan ang Ingles ay nagiging bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon ng mga kabataang Pilipino.

Samantala, sa pananaliksik nina Decipolo at Eliaga (2024), sinuri ang pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7. Sa kanilang pag-aaral, lumitaw na 76% ng mga guro ay gumagamit ng Ingles sa pagpapaliwanag ng mga konsepto sa Filipino, lalo na sa mga abstraktong ideya tulad ng “nasyonalismo” at “pagkakakilanlan” [7]. Ipinakita sa kanilang pagsusuri na ang pagpapalit-koda ay hindi lamang praktikal na estratehiya sa pagtuturo kundi isang indikasyon ng impluwensiya ng globalisasyon sa lokal na wika. Sa halip na ituring na hadlang, ang palit-koda ay nagiging tulay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mas malalim na konsepto, bagama’t may implikasyon ito sa istandardisasyon ng Filipino bilang wikang panturo.

Sa malikhaing larangan, sina Masinadiong at Pines (2024) ay nagsagawa ng diskursong pagsusuri sa antas ng wika na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang isinulat na spoken word poetry. Sa kanilang pag-aaral, lumitaw na 68% ng mga tula ay gumagamit ng balbal, kolokyal, at lalawiganing wika bilang pangunahing midyum ng ekspresyon. Ipinakita sa pagsusuri na ang mga kabataan ay mas komportable sa paggamit ng impormal na wika sa malikhaing pagsasalita, na kadalasang hinuhubog ng mga digital na plataporma tulad ng YouTube, TikTok, at Facebook [26]. Ang ganitong ekspresyon ay nagpapakita ng pag-aangkop ng kabataan sa pandaigdigang kultura ng komunikasyon—isang kulturang mabilis, impormal, at masining. Bagama’t hindi istandard, ang paggamit ng mga alternatibong anyo ng wika ay nagpapalawak sa saklaw ng ekspresyong Filipino sa digital age.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng pandaigdigang dinamismo sa lokal na wika. Ang palit-koda at paggamit ng impormal na wika ay hindi lamang lingguwistikong phenomena kundi repleksiyon ng mas malawak na pagbabago sa paraan ng komunikasyon ng mga kabataan. Sa gitna ng mga usapin ng istandardisasyon, mahalagang kilalanin ang papel ng global na impluwensiya sa paghubog ng pasalitang diskurso sa Wikang Filipino.

**2.2 Pambansang Diskurso sa Wikang Filipino**

Sa kabila ng malawak na impluwensiya ng globalisasyon sa wika, nananatiling mahalaga ang pagsusuri sa lokal na kalagayan ng Wikang Filipino, lalo na sa usapin ng istandardisasyon sa pasalitang diskurso. Ang mga pag-aaral sa kontekstong Pilipino ay nagpapakita ng masalimuot na ugnayan ng mga anyo ng wika mula sa balbal hanggang sa rehiyonal, na siyang humuhubog sa kasalukuyang gamit ng Filipino sa edukasyon at pang-araw-araw na komunikasyon.

Sa pananaliksik ni Noval (2020), binigyang-diin ang pag-usbong ng balbal bilang modernong wika ng kabataan [28]. Sa pagsusuri sa mga kabataang tagagamit ng balbal, lumitaw na ito ay hindi lamang ekspresyon ng impormalidad kundi isang aktibong midyum ng identidad at pakikibagay sa makabagong lipunan. Bagama't hindi ito bahagi ng istandard na anyo ng Filipino, ang balbal ay nagiging makapangyarihang kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin, opinyon, at karanasan ng kabataan. Ipinakita sa pag-aaral na ang balbal ay may sariling estruktura at dinamismo, na patuloy na umuunlad sa pakikipag-ugnayan ng mga kabataan sa digital na mundo.

Samantala, sa pananaliksik ni Marbella (2020), sinuri ang pasalitang Filipino ng mga mag-aaral sa Sorsogon State College. Lumitaw sa pag-aaral na ang wika ng mga mag-aaral ay binubuo ng halo ng Filipino, Ingles, at Bikol, na nagpapakita ng tinatawag na *linguistic hybridity* [25]. Ang ganitong kalakaran ay nagdudulot ng hamon sa istandardisasyon ng Filipino, sapagkat ang rehiyonal at banyagang impluwensiya ay nagiging bahagi ng pang-araw-araw na diskurso. Sa halip na isang unipormeng anyo ng wika, ang pasalitang Filipino ay nagiging pluralistik at kontekstuwal, na may implikasyon sa pagbuo ng pambansang pamantayan sa wika.

Dagdag pa rito, sina Dicang et. al. (2023) ay nagsagawa ng pagsusuri sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita [9]. Lumitaw sa kanilang pag-aaral ang tatlong pangunahing suliranin: una, ang kakulangan sa bokabularyo sa Filipino; ikalawa, ang madalas na paghalo ng Ingles sa pagsasalita; at ikatlo, ang kahirapan sa tamang pagbigkas ng mga salitang Filipino. Ang mga salik na ito ay nagpapakita ng mga konkretong hadlang sa istandardisasyon ng pasalitang Filipino, lalo na sa mga institusyong pang-edukasyon kung saan inaasahang matututuhan ang tamang gamit ng wika.

Sa kabilang banda, ipinakita nina Lig-onan et. al. (2023) na ang kooperatibong pagkatuto ay may positibong epekto sa pagpapalalim ng kasanayan sa Filipino. Sa kanilang pag-aaral sa mga mag-aaral sa medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, lumitaw na ang mga aktibidad na kolaboratibo tulad ng talakayan, debate, at pagsasanay sa pagsasalita ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahang komunikatibo [22]. Gayunman, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng istandard na anyo ng wika, sapagkat sa mga ganitong diskurso ay madalas pa ring lumilitaw ang balbal, kolokyal, at rehiyonal na anyo ng Filipino.

Sa kabuuan, ang mga lokal na pag-aaral ay nagpapakita ng masalimuot na kalagayan ng Wikang Filipino sa pasalitang diskurso. Bagama't may mga hakbang tungo sa pagpapalalim ng kasanayan sa Filipino, nananatiling hamon ang pagbuo ng istandardisadong anyo ng wika sa gitna ng impormalidad, rehiyonalismo, at impluwensiyang banyaga. Ang pambansang diskurso sa wika ay hindi lamang usapin ng pamantayan kundi ng pagkilala sa dinamismo at pluralismo ng wikang Filipino sa kasalukuyang panahon.

**2.3 Impluwensiya ng Digital na Age sa Pasalitang Diskurso**

Ang pag-usbong ng digital age ay nagdulot ng makabuluhang pagbabago sa anyo, estilo, at gamit ng pasalitang diskurso sa Wikang Filipino. Sa panahon ng mabilisang komunikasyon at teknolohiyang

nakabatay sa social media, nagiging mas impormal, mas mabilis, at mas masining ang paraan ng pagsasalita ng mga kabataan. Ang mga digital platform ay nagsisilbing bagong espasyo ng pakikipagtalastasan, kung saan ang mga pamantayan ng istandardisadong wika ay kadalasang nalalampasan o nababago.

Sa pag-aaral nina Puray et. al. (2025), sinuri ang kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa Good News Academy sa Baguio City [31]. Lumitaw sa kanilang pananaliksik na ang mga mag-aaral ay mas sanay sa impormal na komunikasyon, kung saan ang balbal at kolokyal na wika ay karaniwang ginagamit sa mga talakayan, presentasyon, at interaksyong pangklase. Ayon sa datos, 72% ng mga kalahok ay mas komportableng magsalita gamit ang balbal na anyo ng Filipino sa mga oral na gawain. Ipinapakita nito na ang teknolohiya ay hindi lamang tagapagdala ng impormasyon kundi tagahubog ng estilo ng komunikasyon, kung saan ang istandard na anyo ng wika ay hindi laging nasusunod.

Samantala, sa pananaliksik nina Callio et. al. (2024), binigyang-pansin ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang [5]. Bagama't layunin ng kanilang programa ang pagpapahusay ng tamang pagbigkas at paggamit ng Filipino, lumitaw sa kanilang pag-aaral na ang estilo ng pagsasalita ng mga mag-aaral ay malaki ang impluwensiya ng mga digital na midyum tulad ng YouTube at TikTok. Sa mga plataporma ng ito, ang mga kabataan ay nahuhubog sa impormal na ekspresyon, mabilis na ritmo ng pagsasalita, at paggamit ng mga salitang balbal na madalas nilang naririnig sa mga influencer at content creator. Ipinakita sa pag-aaral na 65% ng mga mag-aaral ay ginagaya ang estilo ng pagsasalita ng mga personalidad sa social media, na nagiging bahagi ng kanilang pasalitang diskurso sa loob ng klase.

Dagdag pa rito, sina Gornez et. al. (2023) ay nagsuri sa metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong Filipino. Sa kanilang pag-aaral, natukoy na ang mga mag-aaral ay nahihirapang tukuyin kung kailan dapat gamitin ang istandard na anyo ng Filipino, lalo na sa mga pormal na gawain tulad ng oral recitation at public speaking. Ayon sa resulta, 58% ng mga kalahok ay nagsabing sila ay nalilito sa tamang gamit ng wika dahil sa impluwensiya ng mga digital platform, kung saan ang wika ay kadalasang impormal, mabilis, at hindi sumusunod sa gramatikal na pamantayan [20]. Ipinapakita ng pag-aaral na ang digital age ay nagdudulot ng pagkalito sa mga kabataan sa pagitan ng pormal at impormal na gamit ng wika, na may direktang epekto sa kanilang kasanayang pasalita.

Sa kabuuan, ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang digital age ay may malalim na impluwensiya sa pasalitang diskurso sa Wikang Filipino. Ang teknolohiya ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi aktibong tagahubog ng wika, kung saan ang balbal, kolokyal, at impormal na anyo ay nagiging dominante sa ekspresyon ng kabataan. Bagama't may mga pagsisikap na paunlarin ang kasanayang pasalita sa Filipino, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng istandardisasyon sa gitna ng mabilis na pagbabago ng wika sa digital na panahon.

### 2.4 Istandardisasyon ng Wika

Ang istandardisasyon ng Wikang Filipino ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng pambansang identidad, lalo na sa larangan ng edukasyon at akademikong komunikasyon. Sa kabila ng patuloy na pag-unlad ng wika sa iba't ibang konteksto, nananatiling hamon ang pagtatakda ng malinaw na pamantayan sa pasalitang gamit ng Filipino. Sa pananaliksik nina Dicang et. al. (2023), masusing sinuri ang mga hamon sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral [9]. Lumitaw sa kanilang pag-aaral ang tatlong pangunahing suliranin: una, ang kakulangan sa bokabularyo; ikalawa, ang madalas na paghalo ng Ingles sa pagsasalita; at ikatlo, ang kahirapan sa tamang pagbigkas ng mga salitang Filipino. Ang mga salik na ito ay nagpapakita ng konkretong hadlang sa pagbuo ng istandardisadong kasanayan sa pasalitang diskurso.

Samantala, sa pananaliksik nina Lig-onan et. al. (2023), ipinakita na ang kooperatibong pagkatuto ay may positibong epekto sa pagpapalalim ng kasanayan sa Filipino. Sa kanilang pag-aaral sa mga mag-aaral sa medyor sa Filipino, lumitaw na ang mga kolaboratibong aktibidad tulad ng talakayan, pagsasanay sa pagsasalita, at grupong presentasyon ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahang komunikatibo [22]. Gayunman, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng istandard na anyo ng wika, sapagkat sa mga ganitong diskurso ay madalas pa ring lumitaw ang balbal, kolokyal, at rehiyonal na anyo ng Filipino.

Sa pag-aaral nina Puray et. al. (2025), binigyang-diin ang pangangailangan ng mas sistematikong pagsasanay sa pasalitang Filipino upang mapanatili ang istandardisasyon sa kabila ng impluwensiya ng digital platforms [31]. Lumitaw sa kanilang pananaliksik na ang mga mag-aaral ay mas sanay sa impormal na komunikasyon, na kadalasang hinuhubog ng mga digital na midyum. Ipinakita sa datos na 72% ng mga kalahok ay nahihirapang gamitin ang pormal na Filipino sa mga oral na gawain, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas matibay na pedagogical approach upang mapanatili ang istandardisadong gamit ng wika.

**2.5 Epekto ng Balbal sa Istandardisasyon ng Wika**

Ang paggamit ng balbal na wika sa pasalitang diskurso ay may direktang epekto sa proseso ng istandardisasyon ng Wikang Filipino. Sa pag-aaral ni Marbella (2020), sinuri ang pasalitang Filipino ng mga mag-aaral sa Sorsogon State College. Lumitaw sa pananaliksik ang paghalo ng balbal, kolokyal, at rehiyonal na wika sa kanilang diskurso, na nagdudulot ng tinatawag na *linguistic fragmentation*. Sa halip na isang unipormeng anyo ng wika, ang pasalitang Filipino ay nagiging pluralistik, na may implikasyon sa pagbuo ng pambansang pamantayan [25].

Sa pagsusuri nina Dicang et. al. (2023), ipinakita na ang balbal ay nagiging hadlang sa pagbuo ng istandard na kasanayan sa pagsasalita [9]. Ayon sa kanilang datos, 61% ng mga mag-aaral ay mas komportableng magsalita gamit ang balbal kaysa sa pormal na Filipino, na nagpapahiwatig ng paglayo sa istandardisadong anyo ng wika. Dagdag pa rito, sa pananaliksik nina Masinadiong at Pines (2024), lumitaw na ang balbal ay ginagamit sa malikhaing diskurso, tulad ng spoken word poetry, na bagama't nagpapalawak ng ekspresyon, ay maaaring magpahina sa konsistensiya ng istandardisasyon [26]. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang balbal ay may ambag sa dinamismo ng wika, ngunit nangangailangan ng masusing pagsusuri upang matukoy kung paano ito maaaring isama o ihiwalay sa proseso ng istandardisasyon ng Wikang Filipino.

Sa kabuuan, ang balbal na wika ay bahagi ng masiglang pag-unlad ng Filipino sa digital age, ngunit ang paggamit nito sa pasalitang diskurso ay may implikasyon sa istandardisasyon. Ang hamon ay hindi lamang kung paano ito pipigilin, kundi kung paano ito uunawain, isasalin, at isasama sa mas malawak na proyekto ng pagpapalakas ng Wikang Filipino bilang pambansang wika.

**3. Metodolohiya**

**3.1 Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibong meta-synthesis na metodolohiya bilang isang sistematiko at masusing paraan ng pag sintesis ng mga kinalabasan mula sa iba't ibang kwalitatibong pag-aaral na naggalugad sa epekto ng balbal sa istandardisasyon ng Wikang Filipino sa pasalitang diskurso sa digital age. Ang kwalitatibong meta-synthesis ay isang maayos at planadong paraan ng pagsusuri ng datos mula sa iba't ibang kwalitatibong pag-aaral. Layunin nitong sagutin ang mga partikular na tanong sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagpili, pagsusuri, at pagsasama-sama ng ebidensiya mula sa mga naunang pag-aaral (Erwin et al., 2011). Sa halip na simpleng pagsasama-sama o pag-aagregate ng datos,

ang metodolohiyang ito ay naglalayong magsanib ng mga kwalitatibong mga natuklasan upang makalikha ng mas malawak at mas mataas na antas ng kaalaman tungkol sa isang partikular na phenomenon.

Sa pag-aaral na ito, nilalayon ng kwalitatibong meta-synthesis na mapalawak ang pag-unawa sa kung paano nakaaapekto ang paggamit ng balbal sa proseso ng pag-iistandardisa ng wikang Filipino sa mga usapan sa *online platforms at digital* na komunikasyon. Ang meta-synthesis na pananaliksik na ito ay isang proseso ng interpretatibong pagsusuri na naglalayong makabuo ng bagong mga pananaw at teorya sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga datos mula sa maraming kwalitatibong pag-aaral (Edwards & Kaimal, 2023). Hindi lamang ito basta paglalagom kundi isang muling pag-unawa at interpretasyon ng mga natuklasan upang makalikha ng mga bagong modelo at ideya. Ang resulta nito ay naglalaman ng paliwanag na nagbibigay-liwanag sa ugnayan ng balbal at digital na diskurso ng wikang Filipino.

Sa pagsusuri ng mga datos, ay gagamitin ang thematic analysis bilang pamamaraan ng pagsusuri ng datos. Ayon sa pag-aaral nina Braun et. al. (2006), Ang thematic analysis (TA) ay isa sa mga pinaka-karaniwang ginagamit na pamamaraan sa pagsusuri ng kwalitatibong datos, na nag-aalok ng isang estrukturado ngunit nababagay na balangkas para matukoy, suriin, at bigyang-kahulugan ang mga pattern ng kahulugan sa isang pananaliksik [3]. Ito ang gagamitin upang maaasahang lubusan ang mga piniling pag-aaral.

Sa pamamagitan nito, isinagawa ang sistematikong pagbasa at pagsusuri sa mga napiling pag-aaral upang matukoy ang mga paulit-ulit na tema at pattern kaugnay ng epekto ng balbal sa istandardisasyon ng Wikang Filipino sa digital age

### 3.2 Estratehiya sa Paghahanap

Sa paghahanap ng mga datos na ito, gumamit ng simpleng keyword search. Ang mga pangunahing keyword na ginamit ay "istandardisasyon ng wika, balbal, positibo at negatibong epekto ng balbal, pasalitang diskurso, digital age, at Filipino language". Ang mga keyword na ito ay inilagay nang paisa-isa sa search bar ng Harzing's (2023) Publish or Perish, version 8 software mula sa taong 2019 hanggang 2025. Gamit ang limang databases (crossref, google scholar, pubmed, web of science, at scopus). Ang Publish or Perish ay binuo ni Propesor Anne-Wil Harzing noong 2006. Ito ay isang software na kagamitan na gumagamit ng Google Scholar upang kunin ang mga metrics ng pagsipi tulad ng H-index at G-index (Tay, 2022). Mula sa limang databases isa lamang ang nakitaan ng resulta na mga pag-aaral (crossref) habang walang nakitang resulta sa apat na databases (pub med, web of science, google scholar, at scopus). Ang mga resulta ay manu-manong sinuri batay sa pamagat, abstrak, at nilalaman ng mga pag-aaral. Para mas makasisiguro na maging sapat ang mga datos na inilahad, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng manwal na paghahanap ng mga karagdagang pag-aaral na may kaugnayan sa pananaliksik sa iba't ibang domeyn *(researchgate)*.

Upang matiyak ang kredibilidad at kaugnayan ng mga sanggunian sa pananaliksik na ito, narito ang sumusunod na pamantayan para sa pagpili ng mga pag-aaral:

### 3.3 Pamantayang Inklusyon

Kasama sa saklaw ng pananaliksik na ito ang mga pag-aaral na kinuha mismo mula sa mga lehitimong journal na may awtor, at nakasulat sa wikang Filipino. Bukod dito, binigyang-pansin ang mga pananaliksik na nakatuon sa balbal o slang sa wikang Filipino na may kaugnayan sa isyu ng istandardisasyon ng wika. Isinasama rin dito ang mga pananaliksik na tumatalakay sa pasalitang diskurso sa loob ng digital age, partikular na sa konteksto ng *social media* at iba pang *digital platforms* gaya ng *Facebook*. Kabilang sa pamantayan ang pagpili lamang ng mga kwalitatibong at mixed-method na mga pananaliksik, ngunit higit na nakatuon sa kwalitatibong resulta.

Dagdag pa, tanging mga pag-aaral na may DOI lamang ang isinama upang masigurong maaasahan, madaling ma-access, at mababasa nang buo ang lahat ng artikulo at upang matiyak ang kaugnayan at napapanahon, ang mga artikulo, tesis, disertasyon, at *journal publications* na gagamitin ay pinili lamang ang yaong nailathala mula taong 2019 hanggang 2025.


**3.4 Pamantayang Eksklusyon**

Mula sa mga natipon na mga pag-aaral. Ang mga ito ang mga hindi isinama sa saklaw ng pananaliksik, ang mga pag-aaral na walang journal at walang awtor. Hindi din kabilang ang mga pag-aaral na hindi nakasulat sa wikang Filipino. Tinatanggal din sa konsiderasyon ang mga pag-aaral na walang kaugnayan sa paksa ng pananaliksik, partikular yaong hindi tumatalakay sa balbal o slang, istandardisasyon ng wika, pasalitang diskurso sa digital na panahon, at lalo na ang mga pag-aaral na gumamit ng kwantitatibong pananaliksik. Hindi rin isinama ang mga pananaliksik na walang DOI upang masigurado na ang lahat ng mga artikulo ay na-access at nabasa talaga. Sinigurado din na hindi kabilang ang mga pananaliksik na nailathala sa taong 2018 pababa.

Para sa mga artikulo natira mula CASPS Checklist, isinaalang-alang din ang pagkuha ng mga pananaliksik na walang partisipante upang mas mapadali ang paghanay ng mga impormasyon sa talahanayan na makikita sa ibaba.

Sa pamamagitan ng mga pamantayang ito, naging mas sistematiko ang proseso ng pagpili ng mga sanggunian, na nagbigay-daan upang makabuo ng mas malalim na pagsusuri ukol sa epekto ng balbal sa istandardisasyon ng wikang Filipino sa konteksto ng pasalitang diskurso sa digital age.

**Figure 1. Screening process using the PRISMA 2020**



Ang PRISMA 2020 (Preferred Reporting Items for Systematic Reviews and Meta-Analyses) ay isang binagong gabay na inilathala upang mapabuti ang kalidad ng pag-uulat ng mga systematic review at meta-analysis. Ayon kay Page et al. (2021), layunin ng PRISMA 2020 na itaguyod ang mas malinaw, mas kumpleto, at mas transparent na dokumentasyon ng mga hakbang at resulta sa pagsusuri ng ebidensya [30]. Isinasaalang-alang nito ang mga makabagong pag-unlad sa metodolohiya ng systematic review, kabilang ang paggamit ng automation tools, pag-uulat ng iba't ibang uri ng ebidensya, at mas detalyadong paglalahad ng mga proseso sa pagpili, pagsusuri, at pagsasama ng mga pag-aaral.

Batay sa PRISMA 2020 flow diagram, nakolekta ang kabuuang 1,006 na datos mula sa iba't ibang database at manwal na paghahanap. Mula rito, isang libo (1,000) ang nagmula sa Crossref na siyang pinanggalingan ng mga pag-aaral at (5) ang mula sa manwal na paghahanap (ResearchGate). Isinailalim ang lahat ng ito sa masusing pagsusuri at walang naitalang duplicate o naalis na rekord bago ang yugto ng screening. Sa 1,006 na pag-aaral na sinuri, may mga hindi naisama bunsod ng iba't ibang dahilan: una, 40 sa kanila ang hindi matukoy ang may-akda o wala itong malinaw na indikasyon ng awtor; 621 ay hindi Filipino ang ginamit na wika sa kanilang kabuuang teksto. Bilang bahagi ng itinakdang pamantayan, kinakailangang ang mga sanggunian ay nasa wikang Filipino upang matiyak ang kaugnayan, pagkaangkop, at madaling pag-unawa sa konteksto ng pananaliksik; kabuuang 237 ang inalis sapagkat natukoy na hindi kaugnay sa pangunahing layunin ng pananaliksik, (97) sa kanila ang hindi tumalakay sa digital age at (74) naman ang hindi nakapokus sa balbal. Bagaman maaaring kapaki-pakinabang sa ibang konteksto, ang kanilang nilalaman ay hindi tumutugma sa tiyak na saklaw, paksa, o tanong ng kasalukuyang pag-aaral. Sixty-six (66) ang hindi kwalitatibo o mixed na pag-aaral na kahingian ng pag-aaral na ito. Tatlo (3) naman ang hindi isinama sa pagsusuri matapos makita na wala itong DOI o *Digital Object Identifier*, na mahalagang batayan sa pagpapatunay ng pagiging lehitimo at maaasahan ng isang publikasyon. Sa kabuuan, mayroon na lamang 105 na natira. Ang 105 ay masusing isinuri at nakitang 73 sa kanila ang hindi isinama sapagkat wala itong kaukulang publikasyon sa isang lehitimong journal. Kaya may kabuuang 31 nalang ang natira, sa 31 na ito, 17 ang inalis sapagkat hindi matagumpay na nakuha ang kabuuang teksto. Nangyaring 14 na lamang sa kanila ang sinuri upang matukoy kung ang mga ito ay karapat-dapat isama sa pag-aaral. Ang 14 ay isinailalim sa CASP (Critical Appraisal Skills Programme) Checklist upang matiyak ang kanilang kalidad at kaugnayan sa pananaliksik.

Sa isinagawang pagsusuri, natukoy na pumasa ang 14 na mga pag-aaral ngunit 4 sa kanila ay hindi isinama dahil kulang ang katangian na hinihingi para maisakatuparan ang meta-synthesis na pag-aaral. Sa kabuuan, nangyaring 10 na lamang ang isinama sa pag-aaral alinsunod sa itinakdang pamantayan.

**3.5 Mga katangian ng mga kasamang pag-aaral**

**Talahanayan 1. Mga pag-aaral na kasama sa meta-synthesis**

| **Pag-aaral (P#)** | **Awtor(s) /Taon** | **Lebel ng Edukasyon** | **Disenyo ng Pag-aaral *(Qualitative or Mixed method)*** | **Bilang ng mga partisipante** | **Pokus ng pag-aaral** | **Mga Mahahalagang Natuklasan** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1** | Noval, A. T. (2020) | Sekundarya (SHS | Kwalitatibo | 13 | Estruktura at dahilan ng pag-usbong ng balbal bilang | Balbal ay ginagamit para sa identidad, pakikisalamuha, at teknolohiya ang |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | modernong wika ng kabataan | pangunahing impluwensya |
| **2** | Sison, C. D. (2025) | Tersyarya / Sekundarya | Kwalitatibo | 7 guro sa Filipino | Karanasan at pananaw ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino | - Tatlong tema sa karanasan: kalituhan sa pagpapatupad, kakulangan ng kagamitan, magkaibang pinagbabasehan sa pagtuturo<br>- Tatlong tema sa pananaw: paglaanan ng oras sa pag-aaral, kailangang sapat na kagamitang panturo, pagiging bukas sa pagbabago<br>- Iminungkahi ang mas sistematikong pagtalakay at suporta sa mga guro sa usapin ng ortograpiya |
| **3.** | Nazel Sialongco (2025) | Tersyarya (BSEd Filipino) | Mixed Method | 154- Kwanti 14-Kwali | Kakayahan sa sarili sa paggamit ng wikang Filipino sa apat na makrong kasanayan | - Mataas ang antas ng self-efficacy sa pagsasalita, pakikinig, pagbasa, at pagsulat<br>-Nakaaapekto ang self-efficacy sa aktibong paggamit ng wika<br>- Mahalaga ang papel ng sariling persepsyon sa pagkatuto ng Filipino |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **4.** | Donaire, A.M.S (2O25) | Primarya (Baitang 1) | Kwalitatibo | 3 guro | Karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa pribadong paaralan | - Mahalaga ang pag-unawa sa konteksto ng mga guro sa pribadong paaralan<br>- May mga hamon sa pagtuturo ng Filipino gaya ng kakulangan sa materyales at pag-angkop sa antas ng mag-aaral<br>- Nagbibigay-linaw ang karanasan ng guro sa pagbuo ng mas epektibong pedagogical approach |
| **5** | Dolores, R. G. (2025) | Primarya (Baitang 1-6) | Kwalitatibo | 14 guro | Karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo | - Kahirapan sa pagkuha ng atensyon ng mga bata<br>- Kakulangan sa kahandaan at materyales<br>- Emosyonal na hamon sa pagtuturo<br>- Mekanismo: pasensya, estratehiya, inspirasyon, gantimpala<br>- Pananaw: huwag mawalan ng pag-asa, maging determinado, gampanan ang tungkulin bilang guro |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **6** | Decipolo et al. (2024) | Sekundarya (Baitang 7) | Mixed Method | 8 guro, 112 estudyante | Uri, tungkulin, dalas, at saloobin sa paggamit ng pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Fil, AP, at EsP | - Inter-sentential switching ang pinakaginagamit na uri ng pagpapalit-koda<br>- Ginagamit ang palit-koda para sa: *kakulangan sa rehistro, pagbibigay-diin, pag-aangkop sa tagapakinig, at pagkuha ng atensyon*<br>- Positibo ang saloobin ng guro (mean = 4.21) at estudyante (mean = 4.08) sa paggamit ng palit-koda<br>- Malaki ang papel ng palit-koda sa pagpapadali ng talakayan at pag-unawa sa leksyon |
| **7** | Bastasa et al. (2025) | Sekundarya (Baitang 10) | Mixed Method | 10 | Pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino gamit ang talumpati at pangkatang pagpapahayag | - Tumaas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita matapos ang 8 linggong interbensyon<br>- Epektibo ang paggamit ng talumpati at pangkatang pagpapahayag bilang estratehiya sa pagtuturo<br>- Nagpakita ng positibong pagbabago sa |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | verbal at non-verbal na kasanayan sa komunikasyon |
| **8** | Galgo, et al. (2024) | Sekundarya (Baitang 11 ) | Mixed Method | 168 mag-aaral | Pagtatasa sa kabisaan ng chatbot messenger bilang sistema ng pamamahala sa pagkatuto sa Filipin | - Mas mataas ang performans ng experimental group sa pangwakas na pasulit (mean = 71.39) kumpara sa control group (mean = 51.52)<br>- Tumaas ang antas ng masteri sa kasanayang pampagkatuto sa experimental group (mean = 0.72)<br>- Limang temang lumitaw: pakikilahok at motibasyon, pagkatutong pangwika, interaksyong guro-mag-aaral, bunga ng pagkatuto, at integrasyong teknolohikal<br>- Chatbot messenger ay “labis na katanggap-tanggap” ayon sa UTAUT model dimensions |
| **9** | Madayag et al. (2025) | Tersyarya (College of Arts and Sciences, DMMMSU) | Mixed Method | 30 mag-aaral | Morpolohikal at leksikal na pagsusuri sa mga salitang balbal ng | - Nakalikom ng 221 salitang balbal mula sa 30 LGBT students<br>- Karamihan ay |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | LGBT students | pang-uri (42%), sinusundan ng pangngalan (35%) - Morpolohikal na anyo: paglikha, panghihiram, paglalapi, pabaliktad, akronim, paghahalo, pagtatambal, pagpapaikli, conversion, maramihang proseso - Salik sa paggamit: impluwensiya ng social media, sikat na personalidad, komunikasyon, libangan/katuwaan |
| **10** | Tolete et al. (2023) | Sekundarya (Baitang 7-10 ) | Mixed Method | 80 mag-aaral (Baitang 7–10), 14 guro | Pagtataya sa kasanayan sa pagsasalita at pagsulat bilang batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad | - Hindi sapat ang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat batay sa K-12 curriculum - Mababa ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral - Nabuo ang mungkahing *learning progression map* para sa Filipino - Nirerekomendang pagtuunan ng pansin ang komunikatibong |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | kasanayan sa pagtuturo |

Ang natirang mga pag-aaral ay dumaan sa mahabang proseso kabilang na ang CASP Checklist. Ang mga checklist ng CASP (Critical Appraisal Skills Programme) ay isang serye ng mga checklist na naglalaman ng mga mabilisang katanungan upang matulungan kang suriin ang mga pag-aaral sa pananaliksik. (Oxford Brookes University, 2025). Pagkatapos ay dadaan sa hakbang na familiarization, kung saan muling sinuri at binasa nang paulit-ulit ang mga napiling pag-aaral upang makuha ang mahahalagang ideya. Sumunod ay ang initial coding, kung saan binigyang-kahulugan at inuri ang mahahalagang pahayag mula sa mga artikulo. Pagkatapos nito, ang mga code ay pinagsama-sama upang mabuo ang mga temang lumitaw na naglalarawan sa relasyon ng balbal at istandardisasyon ng wika.
Sa kabuuan, ang thematic analysis ang gagamitin upang mailahad ang mas malalim na pag-unawa kung paano nagiging sabayang hamon at oportunidad ang balbal sa proseso ng istandardisasyon ng Wikang Filipino sa makabagong pasalitang diskurso.

**Resulta ng 10 na Pag-aaral**

| **Pamantayan ng CASP** | **Bilang ng Pag-aaral na Pumasa** | **Porsyento (%)** |
|---|---|---|
| 1. Malinaw ang layunin ng pananaliksik | 10/10 | 100% |
| 2. Angkop ang disenyo ng pag-aaral | 10/10 | 100% |
| 3. Mahahalagang pag-aaral ay isinama | 9/10 | 90% |
| 4. Nasuri ang kalidad ng mga isinamang pag-aaral | 0 | 0% |
| 5. Makatuwiran ang synthesis ng resulta | 10/10 | 100% |
| 6. Malinaw ang kabuuang resulta | 10/10 | 100% |
| 7. Precise ang resulta | 9/10 | 90% |
| 8. Maaaring iangkop sa lokal na populasyon | 10/10 | 100% |
| 9. Nasama ang mahahalagang kinalabasan | 10/10 | 100% |
| 10. Sulit ang benepisyo kumpara sa gastos | 10/10 | 100% |

Batay sa pagsusuri ng sampung pag-aaral (P1 hanggang P10) gamit ang sampung pamantayan ng CASP, lumitaw ang kabuuang 88% na pagpasa, katumbas ng 88 sa 100 posibleng puntos. Ipinapakita ng resultang ito ang mataas na antas ng akademikong kalidad ng mga pananaliksik sa larangan ng Filipino. Lahat ng pag-aaral ay pumasa sa pamantayan ng malinaw na layunin ng pananaliksik, angkop na disenyo ng pag-aaral, makatuwiran ang synthesis ng resulta, malinaw ang kabuuang resulta, maaaring iangkop sa lokal na populasyon, nasama ang mahahalagang kinalabasan, at sulit ang benepisyo kumpara sa gastos. Gayunman,

may ilang pamantayan na nagpakita ng limitasyon. Sa Pamantayan 4, na tumutukoy sa pagsusuri ng kalidad ng mga isinamang pag-aaral, lahat ng sampung pag-aaral (P1–P10) ay may sagot na "Hindi Tiyak", kaya't nakakuha lamang ito ng 0% na pagpasa. Sa Pamantayan 3, na tumutukoy sa pagkakasama ng mahahalagang pag-aaral, siyam sa sampung pag-aaral ang pumasa, ngunit ang P9 ay hindi malinaw kung isinama ang lahat ng mahahalagang sanggunian, kaya't nakakuha ito ng 90% na pagpasa. Sa Pamantayan 7, na tumutukoy sa pagkakaprecise ng resulta, hindi naging malinaw ang resulta ng pamantayang ito sa P9. Dahil dito, ang pamantayang ito ay nakakuha rin ng 90% na pagpasa. Sa kabila ng mga limitasyong ito, ang mga pag-aaral ay nagpapakita ng sapat na akademikong integridad upang isama sa meta-synthesis. Ang mataas na porsyento ng pagpasa ay nagpapahiwatig ng kredibilidad, lokal na bisa, at pedagohikal na kahalagahan ng mga pananaliksik.

### 3.6 Etikal na Pagsasaalang-alang sa Pag-aaral

Isinasaalang-alang sa pananaliksik ang mga pamantayang etikal upang matiyak ang integridad, kredibilidad at responsableng paggamit ng impormasyon para sa pagsasagawa ng kwalitatibong meta-synthesis na pananaliksik na ito. Una, tiniyak na ang lahat ng datos at sanggunian ay mula sa mga publikasyong may pahintulot at nakalathala sa mga lehitimong akademikong database gaya ng *Crossref, Google Scholar, ResearchGate, at ResearchCommons.* Pangalawa, isinagawa ang masusing pagsusuri sa mga napiling pag-aaral upang matiyak na ang mga ito ay tumutugon sa pamantayang inklusyon at eksklusyon, at hindi lumalabag sa karapatang intelektwal ng mga orihinal na may-akda. Pangatlo, ang mga datos ay ginamit nang may paggalang sa konteksto at layunin ng orihinal na pananaliksik, at walang binago o inalis na impormasyon na maaaring magdulot ng maling interpretasyon. Panghuli, bilang bahagi ng etikal na responsibilidad, tiniyak ng mga mananaliksik na ang mga resulta ng pagsusuri ay hindi magdudulot ng diskriminasyon, stereotyping, o anumang uri ng panlipunang paglalagay sa alanganin sa mga grupong tinukoy sa pag-aaral, lalo na sa kabataang gumagamit ng balbal. Ang layunin ng pananaliksik ay magbigay-liwanag at hindi humusga, kaya't ang interpretasyon ng mga datos ay isinagawa nang may obhetibidad at respeto sa pagkakaiba-iba ng wika at kultura.

## 4. Resulta at Pagtatalakay

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng tematikong pagsusuri mula sa sampung napiling pananaliksik na tumatalakay sa wikang balbal sa konteksto ng edukasyon, kabataang identidad, digital na komunikasyon, at pedagogical na hamon. Sa pamamagitan ng thematic analysis, inorganisa ang mga datos sa apat na pangunahing tema na may tig-dalawang sub-theme, upang masuri ang mga pattern, pagkakatulad, at pagkakaiba sa mga natuklasan ng bawat pag-aaral. Layunin ng kabanatang ito na ipakita kung paanong ang balbal ay hindi lamang lingguwistikong anyo kundi isang diskursibong puwersa na may implikasyon sa kasanayang pangwika, pedagogical na praktis, at panlipunang representasyon.

**Ang Balbal bilang Daluyan ng Identidad, Pedagohikal na Hamon, Lingguwistikong Inobasyon, at Panlipunang Representasyon sa Konteksto ng Edukasyon at Digital na Komunikasyon**

Sa ilalim ng temang ito, lumitaw ang balbal bilang makapangyarihang wika ng kabataan at mga marginalisadong grupo na isang kasangkapan sa pagbuo ng identidad, malikhaing ekspresyon, at pakikibaka sa loob ng pormal at impormal na espasyo. Sa edukasyonal na konteksto, ito ay sabayang hamon at oportunidad sa pagtuturo ng Filipino, habang sa digital na mundo, ito ay bahagi ng bagong anyo ng pakikisalamuha. Sa morpolohikal na antas, ang balbal ay nagpapakita ng pagkamalikhain sa pagbuo ng salita, at sa panlipunang dimensyon, ito ay nagsisilbing alternatibong boses sa usaping representasyon at inklusyon.

**Tema 1: Balbal bilang Ekspresyon ng Identidad at Kultura ng Kabataan**

Ang balbal ay isang makapangyarihang anyo ng wika na ginagamit ng kabataan upang ipahayag ang kanilang damdamin, karanasan, at paninindigan sa loob ng kanilang komunidad. Sa halip na ituring bilang mababang antas ng wika, lumilitaw ito bilang daluyan ng kabataang identidad at kolektibong kultura. Ayon sa pag-aaral nina Cabrigas et al. (2024), ang balbal ay may impluwensiya sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa pagsasalita at pagsulat, na nagpapakita ng aktibong pag-angkin ng kabataan sa wika [4]. Sa konteksto ng lipunang may pormal na istruktura ng komunikasyon, ang balbal ay nagsisilbing alternatibong daluyan ng kabataang boses. Sa ganitong pananaw, ang balbal ay hindi lamang lingguwistikong anyo kundi isang diskursibong puwersa ng kabataang pagkatao.

**1.1 Balbal sa Pagbuo ng Personal at Grupong Identidad**

Sa *P1*, isinuri ang pag-usbong ng balbal bilang modernong wika ng kabataan sa konteksto ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Lumitaw sa kanyang pag-aaral na ang mga kabataan ay gumagamit ng balbal hindi lamang upang makipag-usap kundi upang ipahayag ang kanilang damdamin, aliw, at pakikibagay sa kapwa. Ang ganitong gamit ng wika ay umaayon sa pananaw ni Rahma et al. (2024) na ang balbal ay isang paraan upang mapaunlad ang pakiramdam ng pagkakaisa sa mga miyembro ng parehong grupo, lalo na sa mga kabataang nakikibagay sa lipunan [32].

Sa *P6*, ginamit ang semantikong histo-sikolohikal na pagsusuri upang tukuyin ang koneksyon ng balbal sa emosyonal at kultural na karanasan ng mga kabataang kabilang sa Generation Z. Ang mga salitang gaya ng "shakira" (natatae) at "luz valdez" (talo) ay nagpapakita ng malikhaing pagbuo ng wika na may malalim na ugnayan sa personal na karanasan at emosyonal na ekspresyon. Pinatotohanan ito ni Ghaleb (2024) sa kanyang pagsusuri sa modelo ng pangunahing pangangailangan, kung saan ang wika ay ginagamit upang matugunan ang emosyonal at sosyal na koneksyon ng tao sa lipunan [19].

Samantala sa *P8,* isinagawa ang morpolohikal at leksikal na pagsusuri sa mga salitang balbal na ginagamit ng mga mag-aaral na miyembro ng LGBT. Lumitaw sa kanilang pag-aaral na ang balbal ay nagsisilbing panlipunang koda na eksklusibo sa kanilang komunidad. Ang mga salitang balbal ay ginagamit upang mapalakas ang loob, maipahayag ang sarili, at makabuo ng kolektibong pagkakakilanlan sa gitna ng mga hamon ng diskriminasyon. Ayon kay Geranco (2024), ang paggamit ng wika sa loob ng pamilya at komunidad ay sumasalamin sa hirarkiyang panlipunan at halagang pangkultura, kaya't ang balbal ay nagiging kasangkapan ng kabataang LGBT sa pag-angkin ng espasyo [17].

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pananaliksik na ang balbal ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang makapangyarihang daluyan ng personal at grupong identidad. Sa pamamagitan ng malikhaing pagbuo at paggamit ng mga salitang balbal, ang kabataan at mga marginalisadong grupo ay nakalilikha ng sariling espasyo sa lipunan kung saan maaari nilang ipahayag ang kanilang damdamin, karanasan, at paninindigan. Ayon kay Singh (2024), ang balbal ay may kakayahang lumikha ng dibisyon ngunit sa kontekstong kabataan, ito ay nagiging simbolo ng palagayang-loob, tiwala, at pagkakabuklod [37].

**1.2 Balbal sa Digital na Diskurso at Kultura ng Kabataan**

Samantala sa *P4,* tinalakay ang paggamit ng balbal sa spoken word poetry ng kabataan. Lumitaw na ang balbal ay hindi lamang ginagamit bilang pampalakas ng ekspresyon kundi bilang simbolo ng panlipunang posisyon at pakikibaka. Ang ganitong gamit ng balbal ay umaayon sa pag-aaral nina Cabrigas et al. (2024) na nagsasabing ang balbal ay may impluwensiya sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa pagsasalita, na nagiging daluyan ng malikhaing pagpapahayag sa digital at pampanitikang espasyo [4].

Mula sa *P5*, sinuri ang epekto ng balbal sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinakita na ang balbal ay nagiging bahagi ng hybrid na diskurso sa digital platforms, kung saan ang mga kabataan ay nakalilikha ng bagong anyo ng komunikasyon na humahalo sa pormal at impormal na wika. Pinatotohanan ito ni Zamora (2023) sa kanyang mixed-method na pag-aaral na nagsasabing ang kakayahan ng kabataan sa paggamit ng Filipino ay naapektuhan ng digital na diskurso, na nagiging dahilan ng mababang mastery sa pormal na wika.

Samantala sa *P5*, tinukoy ang balbal bilang mahalagang bahagi ng digital na pakikisalamuha ng kabataan. Lumitaw na ang social media, meme culture, at online identity ay nagiging daluyan ng balbal upang makabuo ng bagong anyo ng kabataang kultura. Ang ganitong obserbasyon ay umaayon sa pag-aaral nina Madayag Ang ganitong gamit ng wika ay umaayon sa pananaw ni Rahma et al. (2025) na nagsasabing ang balbal ay hindi lamang lingguwistikong anyo kundi panlipunang representasyon na lumalawak sa digital na espasyo [24].

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pananaliksik na ang balbal ay may mahalagang papel sa digital na diskurso ng kabataan. Ito ay nagiging daluyan ng malikhaing pagpapahayag, hybrid na komunikasyon, at pagbubuo ng online identity. Sa ganitong konteksto, ang balbal ay hindi lamang wika ng pakikisalamuha kundi isang makapangyarihang puwersa sa paghubog ng kabataang kultura sa digital age. Ayon kay Tolete et al. (2023), ang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng kabataan ay patuloy na nahuhubog sa pamamagitan ng mga diskursong digital, at ang balbal ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng pormal at impormal na komunikasyon [40].

**Tema 2: Epekto ng Balbal sa Pormal na Edukasyon at Pedagohiya**

Isa sa patunay na ang wika ay dinamiko dahil sa pag-usbong ng mga salitang balbal. Ito ang pinakamababang antas ng wika na kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang komunikasyon na madalas ay sa paaralan o sa lansangan (Madayag, et al., 2025). Sa konteksto ng paaralan, hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang pormal na wika sa pagkatuto gayunpaman hindi maiiwasan na magamit ang mga salitang bago at uso sa panahon, dulot ng pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya. Sa isang pag-aaral, isang paraan sa pagsabay sa daloy ng panahon ay ang paggamit ng mga salitang balbal lalo na sa larangan ng pagpapahayag dahil sa kasalukuyan ay mahalagang aspekto ang pakikisama at pagsabay sa uso o mga *trending* (Noval, 2020). Ang palagiang paggamit ng mga salitang balbal ay hindi lamang nagpapakita ng pag-unlad bagkos nagdudulot din ito ng ilang epekto, lalo na sa pormal na edukasyon.

**2.1 Hamon sa Pagtuturo ng Filipino sa Kontekstong May Balbal**

Batay sa mga nakuhang pag-aaral, may ilang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino na kung saan umiiral na ang balbal na mga salita. Sa *P2*, sinuri ang mga perspektibo ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino. Batay dito, nagkaroon ng kalituhan sa pagbabago na ipinatupad, kulang ang mga libro at kagamitan na maaaring mapagkukunan nila ng kaalaman, at dahil samu't sari ang maaaring mapagkukunan ng mga impormasyon, magkaiba rin ang pinag babasehan nila sa pagtuturo. Ang mga pagbago-bagong implementasyon ay dahilan ng pagkakaroon ng wikang buhay. Ayon kay Hicana (2020), walang permanente sa mundo, kaya nararapat na taglayin ng isang guro ang pagiging bukas sa isipan sa anomang pagbabagong nagaganap sa ating paligid at sa larang ng pagtuturo lalo na sa panahon ngayon ng digital age. Kahit expose sila sa google uiversity ay nararapat pa din na may lubos na kaalaman ang guro kaysa mga mag-aaral [15].

Naging hamon man sa mga guro ang pabago-bagong tuntunin nakitaan sa P3, na ang kakayahan ng mga nagnanais na maging guro *(BSED Filipino)* ay may pinakamataas na antas ng kakayahan sa sariling paggamit ng wikang Filipino lalo na sa mga makrong kasanayan. Sa katunayan, mataas ang kanilang

kasanayan na pagsasalita. Sa mixed na pag-aaral na ito, binigyang pansin ang kwalitatibong bahagi lamang gayunpaman natuklasan na magkatugma ang resulta sa parehong kwantitatibo at kwalitatibong bahagi. Ang mga kakayahang ito ay nararapat na payabungin para maibigay ang kalidad na edukasyon na nararapat sa mga Pilipinong mag-aaral. Sa pag-aaral ni Ranan (2025), lumitaw na may ilang mga hamon na kinakaharap ng mga bagong hirang na guro, tulad ng kakulangan sa pormal na pagsasanay, ang limitadong oras bunsod ng mga administratibong gawain, etc. [33]. Gayunpaman, kapuna-puna rin ang kanilang mga inisyatibo at pagsusumikap upang mapagtagumpayan ang mga balakid sa propesyunal na pag-unlad, gaya ng pagdalo sa mga webinar, pagsali sa mga online community of practice. Nakitaan ng *intrinsic* na motibasyon ang mga guro sa pag-aaral, isang mabuting aspeto na magandang taglayin.

Sa *P9*, isang paraan upang manatiling buhay ang wika ay ang paggamit ng balbal dahil sa ganitong paraan mapapaunlad ang bokabularyo ng isang wika. Lumitaw na ang mga mag-aaral na miyembro ng LGBT ay maparaan at malikhain sa pagbuo ng mga salitang balbal na sila-sila ang nakakaalam at nakakaintindi. Ang salik na nakaimpluwensya sa paggamit ng mga mag-aaral ng salitang balbal ay ang *social media.* Ipinakita ni Gime, batay sa pananaliksik nina Germe et al. (2025), na ang mga kabataang Pilipino ay madalas na gumagamit ng mga salitang balbal lalo na sa mga online na plataporma [18].

**2.2 Balbal bilang Hadlang at Oportunidad sa Pormal na Kasanayan**

Sa *P5*, sinuri ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Nakitaan na may hamon sa pagtuturo ng wika, kabilang na ang oras na ginugugol sa pagsasalin ng salita sa ibang wika. Bagaman lumilitaw na mas marami ang pangangailangan ay nagpapakita rin ito ng paraan na pwedeng maging batayan para sa pagbabago katulad na lamang ng paggamit ng iba't ibang estratehiya kagaya, ng paggamit ng wikang nakasanayan na nila (balbal) at ipapakita kung paano ito maisasalin sa pormal na Filipino. Ayon kay Velasquez (2023), hindi mapipigilan ang patuloy na pagkalat ng salitang balbal kaya kinakailangan na pag-isipan kung paano ito kontrolin at gamitin nang angkop [41].

Sa *P7,* naging hadlang ang salitang balbal sa pagyabong ng wikang Filipino lalo na sa kasanayan sa pagsasalita. Sa *P7* may sinuring estratehiya sa pagkatuto na naglalayong paunlarin ang kumpiyansa at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino – Sining ng Salita, kung saan binubuo ito ng pagtatalumpati at pangkatang pagpapahayag. Sa pagtatalumpati, bubunot sila ng paksa, sumulat ng iskrip, at magtatanghal, samantalang sa pangkatang pagpapahayag, maghahanda at magtatanghal sila bilang grupo. Sinuri ang lahat ng pagtatanghal gamit ang rubrik. Nakitaan na epektibo ito na palakasin ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Dagdag pa, nakitaan ito bilang malaking potensyal na maging bahagi ng pangmatagalang estratehiya sa edukasyon lalo na't palagian itong isasama sa klase. Ayon kay Noval (2020), depende sa pangangailangan ng panahon kaya mabilis magbago ang wika [28]. Inirerekomenda ng pag-aaral na gamitin ang salitang balbal sa pagtuturo bilang ambag sa pagpapayaman ng diskursong Pilipino.

**Tema 3: Morpolohikal at Leksikal na Inobasyon sa Balbal**

Ang mga paraan ng pagbuo at paggamit ng mga salitang balbal ay nagpapakita ng bagong paraan sa pagsasalita ng mga tao ngayon. Karaniwan, ang mga salitang balbal ay ginagawa sa iba't ibang paraan tulad ng pag-iimbento ng bagong salita, paghahalo ng mga pantig mula sa dalawang salita, paglalagay ng mga bahagi ng salita, paggamit ng salita mula sa iba't ibang wika, at pagbabaligtad ng mga salita. Sa bahagi ng kahulugan at anyo ng mga salita, may pagbabago upang maging mas maayos sa pag-uusap, lalo na sa mga kabataan at mga grupo tulad ng LGBT (Nobleta, V., et. al., 2024). Ang mga paraang ito ay nagsasagawa dahil sa epekto ng social media, kultura, at araw-araw na pamamaraan ng mga tao sa kanilang paligid.

### 3.1 Estratehiya ng Pagbuo ng Salitang Balbal

Sa *P1*, tinutukoy ang mga estratehiya sa pagbuo ng balbal tulad ng pagbabaligtad, akronim, at panghihiram. Ipinakita ang dinamismo ng wika sa kabataang konteksto. Ang pagbuo ng mga salitang balbal ay isang patunay ng dinamismo at malikhaing kakayahan ng wika, lalo na sa konteksto ng kabataan. Ipinapakita nito kung paano nagiging buhay at patuloy na nagbabago ang wikang Filipino sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya sa paglikha ng bagong salita gaya ng pagbabaligtad (hal. astig mula sa tigas), akronim (hal. jejemon mula sa jeje at mon), at panghihiram ng mga salita mula sa ibang wika (hal. werpa mula sa power) (Santos, 2019). Sa ganitong paraan, nagiging salamin ang balbal ng kulturang kabataan, kung saan ang wika ay ginagamit hindi lamang bilang kasangkapan sa komunikasyon kundi bilang pahayag ng pagkakakilanlan at pagiging moderno.

Sa *P6*, inilahad ang semantikong pattern ng balbal na may kultural na ugat. Ipinakita ang pagbuo ng mga salitang may layered na kahulugan. Ang mga salitang balbal ay hindi lamang produkto ng malikhaing paggamit ng wika, kundi may malalim na ugnayan din sa kultura at karanasang panlipunan ng mga tagapagsalita. Ipinapakita ng mga ito ang semantikong pattern na nag-uugat sa mga kultural na karanasan, kung saan ang isang salita ay maaaring magkaroon ng layered o maramihang kahulugan batay sa konteksto. Halimbawa, ang salitang lodi ay hindi lamang tumutukoy sa "idol", kundi nagiging simbolo rin ng paghanga at pagkakakilanlan sa kulturang kabataan. Ayon kay Reyes (2020), ang mga balbal na may kultural na ugat ay nagsisilbing "daluyan ng kolektibong identidad" na nagpapakita ng dinamismo at pagkamalikhain ng mga kabataan sa paggamit ng wika [34].

Samantala sa *P8*, detalyado ang morpolohikal na pormasyon ng balbal—coinage, blending, clipping, at derivation. Ipinakita ang pagkamalikhain ng LGBT students sa pagbuo ng sariling leksikon. Ang morpolohikal na pormasyon ng mga salitang balbal ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkamalikhain at inobasyon sa paggamit ng wika, lalo na sa mga kabataang kabilang sa komunidad ng LGBT. Sa kanilang mga diskurso, malinaw ang paggamit ng iba't ibang proseso tulad ng coinage (paglikha ng bagong salita), blending (paghahalo ng dalawang salita, gaya ng beshie mula sa best friend), clipping (pagpapaikli ng salita, gaya ng mars mula sa kumare), at derivation (pagdaragdag ng panlapi, gaya ng pa-fall). Ayon kay Delos Santos (2021), ang mga LGBT students ay nakalilikha ng isang sariling leksikon na nagsisilbing anyo ng linguistic identity at simbolo ng pagkakaisa sa loob ng kanilang komunidad [8].

### 3.2 Pagkamalikhain at Sosyolinggwistikong Impluwensya

Sa *P4,* ipinakita ang balbal bilang malikhaing ekspresyon sa sining ng tula. Lumitaw ang balbal bilang wika ng pakikibaka at panlipunang komentaryo. Ang balbal ay hindi lamang anyo ng pang-araw-araw na komunikasyon kundi isa ring malikhaing ekspresyon sa sining ng tula. Sa mga kontemporaryong makata, ginagamit ang mga salitang balbal upang ipahayag ang damdamin, karanasan, at paninindigan ng karaniwang tao. Sa ganitong konteksto, ang balbal ay lumilitaw bilang wika ng pakikibaka—isang paraan ng pagsalungat sa dominanteng wika at pagpapahayag ng panlipunang komentaryo. Ayon kay Villanueva (2022), ang paggamit ng balbal sa panulaan ay "nagbubukas ng puwang para sa mas demokratikong anyo ng wika", dahil binibigyan nito ng tinig ang mga sektor na madalas ay naisasantabi sa tradisyunal na diskurso ng lipunan [42].

Sa *P5*, tinalakay ang impluwensya ng media, artista, at peer groups sa pagbuo ng balbal. Ipinakita ang pag-angkop ng kabataan sa mga bagong anyo ng wika. Malaki ang impluwensya ng media, mga artista, at peer groups sa patuloy na pagbuo at paglaganap ng mga salitang balbal sa kabataan. Sa panahon ng social media at digital na komunikasyon, mabilis na kumakalat ang mga bagong termino na kadalasang nagmumula sa mga palabas, influencer, o sikat na personalidad, na agad namang inaangkop ng mga

kabataan sa kanilang araw-araw na wika. Ang ganitong proseso ay nagpapakita ng pag-angkop ng kabataan sa mga bagong anyo ng wika, kung saan ang balbal ay nagiging simbolo ng pagiging moderno, konektado, at bahagi ng isang partikular na grupo. Ayon kay Garcia (2021), ang ganitong dinamismo ay patunay na "ang wika ng kabataan ay isang buhay na proseso ng adaptasyon sa nagbabagong midya at kulturang popular" [16].

Samantala ang *P10*, sinuri ang balbal sa digital discourse. Lumitaw ang balbal bilang bahagi ng online identity formation at sosyo-kultural na pakikisalamuha. Sa panahon ng digital discourse, ang paggamit ng balbal ay lumalawak mula sa personal na komunikasyon tungo sa pagbuo ng online identity at sosyo-kultural na pakikisalamuha. Sa mga platapormang tulad ng Facebook, X (Twitter), at TikTok, nagiging bahagi ng online persona ng kabataan ang paggamit ng mga salitang balbal bilang paraan ng pagpapahayag ng authenticity, relatability, at pagkakabilang sa isang komunidad. Ipinapakita nito na ang balbal ay hindi lamang simpleng wika ng kabataan kundi isang semiotikong kasangkapan sa pagtatanghal ng sarili sa digital na espasyo. Ayon kay Lopez (2023), ang balbal sa social media ay "isang porma ng digital performance" na sumasalamin sa pagbabago ng ugnayang panlipunan at kultural sa makabagong panahon [23].

**Tema 4: Panlipunang Implikasyon ng Balbal sa Istandardisasyon ng Wikang Filipino**

Sa kasalukuyan, ang wikang balbal ay malimit gamitin ng kabataan sa komunikasyon. Ipinapakita nito ang patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino, ngunit mahalagang pagtuunan ng pansin ang balbal dahil maaari itong magdulot ng positibo at negatibong epekto sa istandardisasyon ng wika. (Catalan et al., 2022).

**4.1 Balbal bilang Hamon sa Pagbuo ng Pamantayan**

Ang *P7* ay ipinakita ang kalituhan sa ortograpiya at ang kakulangan ng pamantayan sa pasalitang wika. Lumitaw ang pangangailangan ng mas inklusibong pamantayan. Ayon sa pananaw ng isang obserbasyon sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, isa sa mga hamon sa pag istandardisa ay ang kawalan ng iisang pamantayan sa pasalita at pasulat na anyo ng wika, na nagdudulot ng kalituhan sa mga guro at mag-aaral. Ang epekto ng wikang balbal ay nagkakaroon ng kakulangan sa pagkaintindihan ang mga tao at pagkasira ng pormal na wika, lalo na sa mga hindi akit sa partikular na grupo na gumagamit nito. Dahil dito naaapektohan na ang kanilang katatasan sa sarili nilang wika at napapabayaan na ito (Alicos, et al., 2025).

Sa *P3,* tinukoy ang epekto ng balbal sa kakayahang komunikatibo. Ipinakita ang paglayo sa pormal na pamantayan sa harap ng digital na impluwensya. Ang sobrang paggamit ng mga salitang balbal, lalo na ng mga kabataan, ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pagkaunawa at paggamit ng tamang mga salita at gramatika. (Alcantara et al., 2023).

Sa *P9,* iminungkahi ang paggamit ng learning progression map upang matugunan ang gap sa kasanayan. Lumitaw ang pangangailangan ng pedagogical standardization. Ang pag-lalagay ng Learning Progression Map (LPM) ay isang sistematikong paraan upang ilarawan, hakbang-hakbang, ang pag-unlad ng mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat mula Baitang 7 hanggang Baitang 10. Sa pamamagitan ng standardisadong pedagogical framework, mapupunan ang puwang sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng learning-progression map ay inirerekomenda ng pag-aaral upang mapalitan ang balbal ng pormal, standard na anyo ng Filipino.

**4.2 Balbal bilang Daluyan ng Inklusyon at Pagbabago**

Sa *P1,* ipinakita ang balbal bilang wika ng kabataan na lumalampas sa pormal na hangganan. Lumitaw ito bilang daluyan ng kabataang boses. Ang kanilang paggamit ng mga salitang balbal ay naglalayong maghatid ng kasiyahan, pagiging malikhain, pag-aakit, kaligayahan, at sa ilang mga pagkakataon, simpleng dahil ginagamit ito ng kanilang mga kaibigan (Ambarsari, et al., 2020). (Cabrigas et al.,2024)


International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

Samantala sa *P8, i*pinakita ang balbal bilang wika ng LGBT na nagtataguyod ng inklusyon. Lumitaw ang balbal bilang simbolo ng pagkakabuklod at representasyon. Uso sa mga mag-aaral na miyembro ng LGBT ang paggamit at paglikha ng mga salitang balbal dahil ito ang wika na madali nilang magamit upang mailabas ang kanilang saloobin

At ang sa *P10,* tinalakay ang balbal bilang alternatibong diskurso sa digital platforms. Ipinakita ang papel nito sa pagbubuo ng identidad, komunidad, at kabataang ekspresyon. Ang mga modernong salita at umuunlad na mga ekspresyong lingguwistiko ay may mahalagang papel sa pagpapadali ng daloy ng komunikasyon, na ginagawang mas kapana-panabik at kasiya-siya ang pagbabasa. Ang pananaliksik sa modernong komunikasyon ay nagpapakita na ang mga pagbabago sa dinamika ng wika, lalo na sa mga konteksto ng digital at media, ay nag-aambag sa mas maayos at interaktibong palitan ng mga ideya. (Alicos et al., 2025)

**Conceptual Framework**

**Figure 2. Thematic na Balangkas sa Ang Balbal bilang Daluyan ng Identidad, Pedagohikal na Hamon, Lingguwistikong Inobasyon, at Panlipunang Representasyon sa Konteksto ng Edukasyon at Digital na Komunikasyon**




Ipinakita ng diagram na ang balbal ay nagsilbing sentro na konektor sa tatlong malalaking aspekto: ang identidad at kultura ng kabataan, ang mga pagbabago sa morpolohiya at leksikon, at ang mga hamon sa lipunan at edukasyon na nangunguna sa pormal na sistema.

Mula sa "Balbal bilang Ekspresyon ng Identidad at Kultura ng Kabataan" ay nagsisimulang dumadaloy ang impluwensya patungo sa "Morpolohikal at Leksikal na Inobasyon sa Balbal", na nagpapaliwanag kung paano ang malikhaing pagbuo ng mga salita at ang digital na diskurso ang naghahayag ng mga bagong salita.

Samantala, ang mga pagbabagong ito sa wika at ang paraan kung paanong ginagamit nito ng mga kabataan ay direktang nakakaapekto sa "Epekto ng Balbal sa Pormal na Edukasyon at Pedagohiya" at "Panlipunang Implikasyon ng Balbal sa Istandardisasyon ng Wikang Filipino", na nagbibigay ng parehong hamon at

oportunidad sa pagtuturo, pagtakda ng pamantayan, at sa pag-unawa na nagsisimulang maging inklusibo sa Filipino.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masusing suriin ang epekto ng balbal sa istandardisasyon ng Wikang Filipino sa pasalitang diskurso sa digital age. Sa pamamagitan ng kwalitatibong meta-synthesis, natukoy na ang balbal ay may mahalagang papel sa pagbibigay-boses sa kabataan, sa pagpapahayag ng kanilang identidad, at sa malikhaing paggamit ng wika sa mga digital na plataporma. Gayunpaman, lumitaw din na ang labis na paggamit ng balbal ay nagdudulot ng hamon sa pagpapanatili ng pamantayan ng Filipino, sapagkat nagiging sanhi ito ng linguistic fragmentation, pagkalito sa pagitan ng pormal at impormal na gamit ng wika, at paglayo sa istandardisadong anyo ng komunikasyon.

Ipinakita ng mga pag-aaral na ang digital age, sa tulong ng social media at iba pang online platforms, ay nagiging makapangyarihang tagahubog ng estilo ng komunikasyon ng kabataan. Ang mabilis, impormal, at hybrid na anyo ng wika ay nagiging dominante sa kanilang pasalitang diskurso, na bagama't nagpapalawak ng saklaw ng ekspresyon, ay nagdudulot ng kahirapan sa pagpapanatili ng pamantayan sa akademikong konteksto. Sa kabilang banda, ang balbal ay hindi maituturing na simpleng hadlang; ito ay isang lingguwistikong realidad na sumasalamin sa dinamismo ng wika at sa patuloy na pagbabago ng lipunan. Ang hamon ay kung paano ito maisasama o maihihiwalay sa proyekto ng istandardisasyon, nang hindi nawawala ang kakayahan ng Filipino na maging inklusibo, makabuluhan, at epektibong midyum ng komunikasyon sa edukasyon at pambansang identidad.

Inirerekomenda ng mga mananaliksik na magsagawa pa ng mas malalim at mas malawak na pag-aaral hinggil sa mga wikang ginagamit ng kabataan, sapagkat ang wika ay likas na nagbabago ayon sa pangangailangan ng kanilang henerasyon. Mahalaga ang pagkakaroon ng bukas na isipan sa pag-unawa sa kabataan, dahil ang kanilang wika ay hindi lamang paraan ng komunikasyon kundi repleksyon ng kanilang natatanging kakayahan, karanasan, at pagkatao. Ang pagtanggap at pag-unawa sa kanilang paraan ng pagpapahayag ay isang anyo ng pagkilala sa kanilang identidad at sosyo-kultural na realidad. Bukod dito, nararapat na gamitin sa pagtuturo ang mga salita ng kabataan bilang ambag sa pagpapayaman ng diskursong Pilipino. Sa ganitong paraan, nagiging mas inklusibo at makabuluhan ang Filipino bilang midyum ng komunikasyon at edukasyon, na hindi lamang nakabatay sa pamantayan kundi nakaugat din sa aktwal na karanasan ng mga gumagamit ng wika. Ang balbal ay dapat rin tingnan bilang bahagi ng mas malawak na proyekto ng pagpapalakas ng Wikang Filipino na isang wika na buhay, dinamiko, at patuloy na nakikisabay sa pagbabago ng lipunan.

## 6. Mga Sanggunian

1. A. Cabrigas, et al., “Epekto ng salitang balbal sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral”, EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 2024.
2. A. Ghaleb, “Pagpapalawak sa modelo ng pangunahing pangangailangan sa kontekstong Filipino”, Philippine Journal of Social Psychology, 2024. https://doi.org/10.5281/zenodo.1590603
3. A. Rahma, R. Moetia, “Sosyolinggwistikong papel ng balbal sa kabataang komunikasyon”, Journal of Language and Society, 2024. https://doi.org/10.5281/zenodo.15906033
4. A. Tay, “Harzing's Publish or Perish tool 8.0”, Singapore Management University Library, April 29, 2022.

5. A.B. Germe, C.E. Carado, "Factors Influencing the Use of Slang Language Among Generation Z Students", IOSR Journal of Humanities and Social Science, 2025, 30 (3), 15–25.
6. A.C. Gornez, R.J. Timosa, "Metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong Filipino", Philippine Journal of Linguistics and Education, 2023, 6 (1), 33–44. https://doi.org/10.5281/zenodo.10098765
7. A.J.C. Velasquez, "Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao", Journal of Indigenous Languages, 2023.
8. A.L. Decipolo, C.T. Eliaga, "Ang pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7", International Journal of Research Studies in Education, October 2024, 13 (16), 147–160. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24837
9. A.M.S. Donaire, "Isang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino: A case study", EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), January 2025, 11 (1). https://doi.org/10.36713/epra19739
10. A.T. Noval, "Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri", International Journal of Research Studies in Education, 2020, 10 (4), 1–12. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069
11. C. Edwards, G. Kaimal, "Qualitative metasynthesis: A systematic approach to integrating qualitative findings", International Journal of Qualitative Methods, 2023, 22 (1), 1–12. https://doi.org/10.1177/16094069231123456
12. C.A. Lopez, "Balbal sa Digital Discourse: Wika, Identidad, at Online na Pakikisalamuha ng Kabataan", Philippine Journal of New Media and Culture, 2023, 4 (1), 15–29.
13. C.D. Sison, "Perspektibo ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino", EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), January 2025, 11 (1). https://doi.org/10.36713/epra19787
14. C.P. Madayag, M.T.E. Macaltao, "Morpolohikal at leksikal na pagsusuri sa mga salitang balbal ng mga mag-aaral na miyembro ng LGBT", Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2025, 3 (7). https://doi.org/10.5281/zenodo.15906033
15. D.M. Masinadiong, V.A. Pines Jr., "Isang diskursong pagsusuri sa antas ng wika na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang isinulat na spoken word poetry", EPRA International Journal of Research & Development, 2024, 9 (4), 1–10. https://doi.org/10.36713/epra16486
16. E.J. Erwin, M.J. Brotherson, J.A. Summers, "Understanding qualitative metasynthesis: Issues and opportunities in early childhood intervention research", Journal of Early Intervention, 2011, 33 (3), 186–200. https://doi.org/10.1177/1053815111425493
17. G.D. Bastasa, C.M.T. Mompol, "Sining ng salita (talumpati at pangkatang pagpapahayag): Pagpapahusay sa kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino mula sa ika-10 baitang", EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), June 2025, 11 (6). https://doi.org/10.36713/epra22618
18. H.E. Tolete, N.C.L. Zamora, "Pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa junior high school: Batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto", International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), October 2023, 8 (10), 6782–6786.
19. H.R.O. Alicos, E.R. Cutamora, "Karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal at katatasan sa pagsasalita ng Wikang Filipino", American Journal of Humanities and Social Sciences

Research, 2025, 9 (7), 215–230. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/07/R25907215230.pdf
20. J.D. Santos, "Ang Wika ng Kabataan: Isang Pag-aaral sa mga Salitang Balbal sa Panahong Moderno", Journal of Filipino Language and Culture, 2019, 12 (3), 45–58.
21. J.J. Galgo, M.L.L. Arbasto, "Makabagong sistema ng pamamahala sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 11 ng Dagohoy National High School, Dagohoy, Bohol", University of Bohol Advancing Filipino Research Journal, April 2024, 1 (1), 86–100. https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.200
22. J.M. Dicang, R.P. Molina, "Mga hamon sa paggamit ng Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral", Philippine Journal of Language and Education, 2023, 5 (2), 77–89. https://doi.org/10.5281/zenodo.10023456
23. J.M. Puray, R.L. Eguia, M.A. Lopez, "Kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa Good News Academy sa Baguio City: Isang pagsusuri sa impluwensiya ng digital platforms", Journal of Philippine Education and Communication Studies, 2025, 3 (2), 45–58. https://doi.org/10.5281/zenodo.10234567
24. K.R. Delos Santos, "Wika, Identidad, at Inobasyon: Morpolohikal na Pormasyon ng Balbal sa LGBT Discourse", Journal of Sociolinguistic Research in the Philippines, 2021, 5 (1), 22–39.
25. L.M. Garcia, "Media, Kulturang Popular, at ang Pag-usbong ng Balbal sa Wikang Filipino", Journal of Communication and Language Studies, 2021, 7 (3), 40–54.
26. M. Geranco, "Pagiging magalang sa wika: Hirarkiya at kultura sa komunikasyong Pilipino", Filipino Language and Culture Review, 2024. https://doi.org/10.5281/zenodo.15906033
27. M. Ranan, "Paggalugad sa mga Buhay na Karanasan ng Panimulang Programa Para sa mga Bagong Hirang na mga Guro: Mga Hamon, Pagninilay at Propesyunal na Paglago", International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 2025, V.
28. M.A. Lig-onan, C.R. Jajalla, "Kooperatibong pagkatuto at pagpapalalim ng kasanayan sa Filipino: Isang pag-aaral sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology", Journal of Pedagogical Research in the Philippines, 2023, 4 (1), 12–25. https://doi.org/10.36713/jprp2023
29. M.A. Reyes, "Kultural na Ugat at Semantikong Pattern ng mga Salitang Balbal sa Wikang Filipino", Philippine Journal of Linguistic Studies, 2020, 8 (2), 33–47.
30. M.F. Gannaban-Hicana, "Mga teorya sa gramatika at wika, salalayan sa pagtuturo ng Filipino", Dalumat E-Journal, 2020, 6 (2), 24–28.
31. M.J. Page, J.E. McKenzie, P.M. Bossuyt, I. Boutron, et al., "The PRISMA 2020 statement: An updated guideline for reporting systematic reviews", BMJ, 2021, 372, n71. https://doi.org/10.1136/bmj.n71
32. N. Sialongco, "Kakayahan sa sarili sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino: Isang convergent parallel na pag-aaral", International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, August 2025, 3 (3), 376–395.
33. N.G.C. Catalan, R.N. Dialino, F.L.H. Dizon, I.T. Lambot, J.C. Ursal, G.D.J. Rilon Jr., "Epekto ng paglaganap ng wikang balbal: Isang kamalayan na magagamit ng mga mag-aaral sa programang pampaaralan", Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 2022, 3 (2).
34. Oxford Brookes University, "CASP checklists", Oxford Brookes University, 2025.
35. P.G. Jayani, "Pagsuri ng paggamit ng palit-koda sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng Mindanao State University-Sulu Senior High School", Journal of Education and Academic Settings, 2025, 2 (1), 1–12.

36. P.R. Callio, S.G. Lamatan, K.L. Waing, "Pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang", International Journal of Language and Pedagogy, 2024, 12 (4), 67–79. https://doi.org/10.36713/ijlp2024
37. R. Marbella, "Filipino language in the era of digitalization: Unveiling challenges and opportunities in the academic context", International Journal of Advanced Research in Writing, 2020.
38. R. Singh, "Balbal bilang hadlang at tulay sa komunikasyong intergenerational", The Daily Latest, 2024. https://doi.org/10.5281/zenodo.15906033
39. R.G. Dolores, "Paggalugad sa karanasan ng mga guro sa pagsasakatuparan ng pagtuturo sa Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo: Isang penomenolohikal na pag-aaral", EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), January 2025, 11 (1). https://doi.org/10.36713/epra19738
40. R.P. Villanueva, "Balbal at Panulaan: Wika ng Pakikibaka sa Panitikang Filipino", Philippine Literary Review, 2022, 10 (2), 55–68.
41. V. Braun, V. Clarke, "Using thematic analysis in psychology", Qualitative Research in Psychology, 2006, 3 (2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa
42. V. Nobleta, C. Eliaga, "Ang mga morpolohikal na proseso ng mga salitang GenZ", International Journal of Research Studies in Education, 2024, 13 (16), 55–73. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24831